San Diego Unified School District

EUGENE BRUCKER EDUCATION CENTER
4100 Normal Street, San Diego, CA 92103-2682

(619) 725-5506

Carl A. Cohn
Superintendent of Schools

Nobyembre 2007

Mahal na mga Magulang/Tagapag-alaga:

Sa ating pagbabalik sa paaralan pagkalipas ng sumalakay na sunog, nais kong magkaroon ng isang saglit na ipaalaala sa inyo na ang San Diego Unified ay nakapangako sa kaligtasan ng ating mga mag-aaral sa kanilang matagumpay na pag-aaral. Napakahalagang malaman ninyo ang mga hakbang sa kaligtasan na itinakda upang matiyak ang isang ligtas at nangangalagang natututong kapaligiran sa paaralan.

- Ang San Diego Unified School District ay mayroong 45 pulis sa paaralan at 26 mga kagawad na naglilingkod sa bayang itinakda sa mga mababa, gitna, at mataas na paaralan. Itong mga napakataas na mga kagawad ay nagsasanay tuwina upang tumugon sa anumang pangyayari.

- Bawa't paaralan ay sumusulat at nag-iingat ng isang banghay sa katiwasayan ng paaralan, na nagbibigay ng mga dapat gawin sa panahon ng pangangailangan, paghahanda sa mga panganib at kung papaanong gagawin sa mga pangyayaring nanganganib ang buhay ng mga mag-aaral at mga kagawad. Ang mga paaralan ay tuwinang nag-eensayo sa mga pagsasanay ng kaligtasang dapat gawin sa panahon ng pangangailangan.

- Ang ating *Parent Patrols* ay kabilang ang mga magulang, kawani at mamamayang kusang loob na tumutulong. Sila ay sinanay ng *School Police Crime Prevention Unit* at nagbibigay ng dagdag na mata at tainga sa pagdating ng inyong anak sa paaralan.

- Mayroon tayong *Campus Crime Stoppers*, isang samahan ng *San Diego County Crime Stoppers*, na nagbibigay sa mga mag-aaral at magulang ng matiwasay na pagpili at pagganyak para sa pagsuplong ng krimen.

- Ang mga tanggapan ng pagpapayo sa ating mataas na paaralan ay nagsasanay ng mga kamag-aral na tagapayo at tagaayos ng mga salungat. Mayroon tayong mga lupong tumutulong sa mga mag-aaral na tumutugon sa pangangasiwa ng galit o poot at tumutulong sa ibang usapin upang hadlangan ang dahas.

Ang ating mga paaralan ay higit na ligtas ngayon bilang resulta ng aming pagsisikap. Ipinagpapatuloy naming makita ang pagbaba ng krimen sa distrito. Upang matiyak na ito ay patuloy na nagaganap, kailangan namin ang inyong tulong at suporta.

Hinihikayat ko kayong kausapin ang inyong anak tungkol sa *Zero Tolerance Policy*. Linawin ito na itinataguyod ninyo ang mga patakaran at pamalakad ng paaralan na magkaroon ng matiwasay na lugar para sa lahat ng mag-aaral upang matuto. Gumawa kayo ng tamang pagganp sa paaralan ng inyong anak at alamin ang tungkol sa patakaran sa kaligtasan at ang banghay ng kapahamakan sa paaralan ng inyong anak. Maging huwaran sa paglutas ng suliranin sa mabuting paraan.

Salamat sa ating samasamang pagsisikap na matiyak na ang bawa't mag-aaral ay may pagkakataong matuto at lumaki sa ligtas at walang pag-aalinlangang natututong kapaligiran.

Buong katapatan,

Carl A. Cohn
Tagapamahala ng mga Paaralan

Pahabol. Alalahanin, ang mga paaralan ay walang pasok sa linggo ng ika-19 – 23 ng Nobyembre, para sa *Thanksgiving Break*. Nawa'y magkaroon kayo ng mahinahon at mapayapang linggo.